

RELACION 2017

PDO Slide

Mga kapatid kong Dominiko,
Mga kapwa kong pinunong akademiko at administratibo,
Mga ginigiliw kong guro at empleyado,
Mga kagalang-galang na magulang at alumno,
Mga ginigiliw kong mag-aaral,
Hinirang na Bayan ng Diyos dito sa Letran,
MAGANDANG UMAGA PO INYO LAHAT!

Tuloy po kayo sa “RELACION: Ulat ng Rector at Pangulo,” sa ika-2 taon ng pagganap nito.

Para sa mga baguhan, ang RELACION sa wikang Espanyol ay nangangahulugan ng ULAT, paglalahad, pagsasalaysay ng pangyayari; pag-UUGNAY ng nakaraan sa kasalukuyan, pag-UUGNAY sa pamamagitan ng pag-uusap, sa pagitan ng nag-uulat at pinag-uulatan, ako at kayo.

Sa pambungad na dahon nito ay nakasaad: “*This report combines all annual reports of the different academic and administrative officials of the Colegio.*” Pero, ang pagkakaiba sa ulat ngayon - saklaw nito hindi lang ang nagdaang taon, kundi ang panahon mula 2013 hanggang 2017, ang sakop ng “*The Road to Universidad de San Juan de Letran, Strategic Plan 2013-2017,*” na binuo sa ilalim ng ating dating rector na si Pdr. Tamerlane Lana, OP. Sa madaling salita, ang iuulat ngayon ay patungkol sa nagdaang apat na taon.

Noong unang relacion, pinakilala ko sa inyo ang aklat ng mga Bilang - *the Book of Numbers* - ang ikaapat na aklat sa Matandang Tipan, na naglalahad sa buhay ng

mga Israelita sa ilang/disyerito, mula sa paglisan nila sa Ehipto papunta sa Pangakong Lupa.

Rector's Slide 1:

Ngayon naman, sa ika-2 relacion na ito, babasahin naman natin ang Aklat ng Deuteronomio - *the Book of Deuteronomy* - na kaagad na sumusunod sa *Book of Numbers* sa tala ng Bibliya. Noong Marso, sa pulong ng mga pinuno ng Colegio para sa pagbuo ng bagong Strategic Plan ay pinakilala ko na ang *Aklat ng Deuteronomy*.

Rector's Slide 2:

Sa kabuuhan, ito ay tungkol sa mahabang talumpati ni Moises, sa tarangkahan ng Lupain ng Canaan, matapos ang kanilang mahabang paglalakbay sa Ilang - humigit kumulang ay apatnapung taon. Sa tatlumpu't apat na kabanata, nagsalita si Moises ng mahabang talumpati matapos ang mahabang paglalakbay. Bakit? Dahil sinabi sa kanya ng Diyos, "matapos ang iyong talumpati, kukunin na kita; ikaw ay mamamatay na." Huwag kayong mag-aalala, hindi po ito kasing-haba ng diskurso ni Moises at hindi pa naman yata ako kukunin ng Panginoon pagkatapos nito.

Rector's Slide 3:

Ano ang nilalaman nito? Para humaba nang husto ang kanyang talumpati, binalikan, inalala, sinariwa ni Moises ang nakaraan - ang paglisan nila sa Ehipto, ang pagtawid nila sa dagat (Rector's Slide 4), ang pakikipatipanan ng Diyos at ng bayan ng Israel sa paanan ng Bundok ng Sinai (Rector's Slide 5), ang pagbibigay ng Sampung Utos, ang iba't ibang kabiguan (Rector's Slide 6), kamalian, kataksilan, kasalanang nagawa ng mga tao, ang iba't ibang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos, ng kanyang awa at paggabay,

ang paghubog sa Bayan ng Diyos sa mahabang paglalakbay sa ilang (Rector's Slide 7)...

(Slide 8) Sa diwa ni Moises, ganoon din ang makikita natin sa unang bahagi nitong relacion... pagbalik-tanaw sa nakaraang apat na taon, paglingon sa pinanggalingan, pagtatanong, *"ano na nga ba ang nangyari?"*

PDO Keynote slides 2:

Kaya, heto po ang Relacion 2.0, ang kuwento ng bayan ng Diyos, ang kuwento ng Letran, ang kuwento natin...

PDO Slide 3:

Magsimula tayo sa orihinal na mapa ng "The Road to Universidad": ang patutunguhan (sana), ang mga pangunahing hakbang, ang mga layunin nating tugisin, silain, at kamtin...

Pero, heto po ang katotohanan:

Slide 4: Student Cohort

Bumaba po ang kabuuhan bilang ng mga nag-aaral sa Letran (7%), dala na rin po ng pagpapatupad ng K+12.

Slide 5: ang enrollment trend sa apat na nagdaang taon.

Kapansin-pansin ang pagbaba sa Elementary (3.25%) at sa Junior High School (2.75%) at sa Kolehiyo na rin (26%). Kahit paano, nakatulong ang bagong bukas nating Senior High School (56%).

Slide 6: Survival Rate:

Sa mga nagsimulang mag-aral sa Letran ng 1st yr college, 59% ang nakakatapos.

Slide 7: Licensure Exam Performance

Heto po ang magandang balita. Pumapasa po ang ating mga anak sa mga mahahalang pagsusulit na ito. At mas mataas po ang nakakamit ng mga Letranista, kumpara sa National Passing Rate...

- Sa Accountancy (Slide 8)...
- Sa Nutrition and Dietetics (Slide 9)... Sa Psychometrician's Board Exams (May top-notchers pa nga)
- Sa Education (Slide 10): tayo ay paaralan ng mga guro... nagtuturo tayo ng mga guro... at mahuhusay sila...

Slide 11: Academic Program Accreditation

67% ng ating mga programang akademiko ay accredited na ng PAASCU; ibig sabihin, nakikitaan tayo ng qualidad, ng husay sa iba't ibang antas...

Slide 12: mula sa Basic Education na Level 2 Re-accredited na, hanggang sa 18 sa mga programa't kurso sa kolehiyo...

Slide 13: Human Capital Profile

Mula sa mga mag-aaral, dumako naman tayo sa ating mga empleyado...

Slide 14: karamihan sa ating mga guro ay mga (56%) at doctor (22%); at lahat ng guro sa Basic Education ay qualified, licensed teachers (100%)

Slide 14: Research

Slide 15: Nitong huling 2 taon, dumarami po ang ating mananaliksik; at nakakapaglimbag pa

Slide 16: At nagpapakitang gilas at husay na ang ating faculty, batay na rin sa bilang ng kanilang mga presentations sa loob at labas ng Pilipinas...

Slide 17: at sa ating sariling mga lathain, lumalago na ang Antorcha at ang Luz y Saber

Slide 18: At patuloy tayong nag-iimpok sa kanila; mahigit na sa 1 milyon ang para sa pananaliksik.

Slide: Learning Resources

Heto po, mainit-init pa.

Slide: Bagamat nakakasunod tayo sa tinakda ng CHED patungkol sa "Learning Spaces," may kabagalan ang pagsasaayos ng ating mga silid-aralan at laboratoryo.

Slides: Pero malusog naman ang pagkalap natin ng mga aklat, journals, magazines, audio-visuals.

Slide 18: Community Service Engagements

Slide 19: Hindi tayo nawawalan ng pag-asa sa BUILD HOPES...

Slide 20: Mula sa mga empleyado, dumarami ang nagkukusa sa pagtulong sa sambayanan...

Slide 21: at ang halaga ng donasyon para sa mga paglilingkod sa sambayanan, lumalaki na rin

Slide 22: Institutional Sustainability

Dahil bumababa ang enrollment, bumababa rin ang kita ng kolehiyo. Hindi tayo nagtaas ng matrikula nang 2 taon; kaya, ipagpaumanhin kung hindi tayo nakapagtaas ng pasahod. Pero, nakakapagbayad naman tayo ng utang... 4% na lamang ang natitira

Slide 23: Dahil sa mga Professorial Chairs, tumaas ng 38% ang donasyon...

Slide 24: Feedback Management

Sa kabuuhan, “Satisfactory” ang natanggap nating timbang mula sa ating iba’t ibang cliente

Slide 25: At hangad natin ay pagpapahusay ng ating serbisyo...

Ituring ninyo ang Relaciong ito bilang sulyap lamang. Ang mga larawang ito ay hindi ang buong tanawin. Sa pagbabalik-tanaw natin, ang naisusulat bilang kasaysayan ay hindi ang buong nakaraan.

Bumalik tayo kay Moises... patapos na ang talumpati tungkol sa nakaraan; nailahad na niya ang kuwento; nakalingon na siya sa pinanggalingan; ibabaling na niya ang tingin sa hinaharap; pero, hanggang tingin na lang. hindi na sya makatatawid.

Sinasara na natin ang Strategic Plan 2013-2017. Kinikilala natin ang ating mga tagumpay; inaamin ang mga pagkakamali at pagkukulang; pag-aaralan natin kung paanong mapapaigi pa ang Letran. Sa tiyaga at pag-asa, matututuhan din natin na maging “una escuela della primera clase” muli. Manalo, Matalo, (PDO Slide) Siempre Arriba, Siempre Letran!

PERO... hindi tinatapos ang kuwento at paglalakbay... itutuloy... abangan ang susunod na kabanata...

(PDO Slide)